

Salaysay ni Gg. Pablo R. Rosales

Pablo R. Rosales, 59 taong gulang, tubong Hulong-Duhat, Malabon City at kasalukuyang Tagapangulo (Chairperson) ng Pagkakaisa ng mga Samahang Mangingisda (“Pangisda Pilipinas”)

(Ang Salaysay ni Gg. Pablo R. Rosales ay kinuha noong ika-17 ng Abril 2018 sa opisina ng Greenpeace Southeast Asia-Philippines na matatagpuan sa Room 201 JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Barangay Laging Handa, Quezon City. Ang Salaysay ay kinuha nila Attys. Zelda DT. Soriano at Hasminah D. Paudac, kasama si Bb. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon.)

Q1: Ano po ang kasalukuyan ninyong kabuhayan o ginagawa?

A1: Ako po ay isang mangingisda at kasalukuyang Tagapangulo (Chairperson) ng Pagkakaisa ng mga Samahang Mangingisda (“PANGISDA- Pilipinas”).

Q2: Gaano na po kayo katagal na mangingisda?

A2: Mula noong walong (8) taong gulang palang ako. Pangingisda na ang kinalakihan ko.

Q3: Paano po kayo napasok sa ganitong hanap-buhay?

A3: Kami po ay orihinal na taga Catbalogan, Samar. Ang mga magulang ko ay magsasaka at mangingisda. Pero ang pangunahing kabuhayan ng aming pamilya ay pangingisda. Nagsimula akong sumamang mangisda sa tatay ko noong ako ay walong (8) taong gulang. Nag-aaral pa ako noon, mga grade 3 ata yun. Pero dahil sa kahirapan, nagpasiya ang magulang ko na mag-Maynila kami. Ang sabi kasi noong araw, ang pera raw sa Maynila ay pinapala... pinipiko.

Q4: Pagdating ninyo po sa Maynila, ano naman po ang naging buhay ninyo roon?

A4: Sa may Binakayan, Cavite kami tumira. Pangingisda pa rin ang naging pangunahing hanap-buhay namin. Sumisisid kami ng arusip o lato (seaweeds) at mga talaba. Naglilinis din ako ng jeep at noong mga siyam (9) na taong gulang ako naging “pin boy” ng bowling ako noon. Pero noong nagkaroon kami ng ilang kakilala sa Bataan, lumipat naman kami ng Bataan noong 1970s.

Q5: Ano naman po ang naging buhay ninyo sa Bataan?

A5: Sa may topside ng Barangay Nasco, Mariveles Bataan kami nakalipat. Ito ay isang coastal community malapit sa Manila Bay side. Mga siyam (9) na taong gulang ako noon. Nahinto na ako sa pag-aaral at doon talaga pangingisda na ang ginawa ko. Sumasama ako sa tatay ko para mangawil (hook-and-line) sa Manila Bay. De-sagwan lang kami noon at nanghuhuli kami ng bisugo. Kung minsan masama ang panahon, suma-sideline naman sa “construction.”

Q6: Maaari ninyo po bang ilarawan ang inyong buhay bilang mangingisda noon?

A6: Dati, sandali lang kami mangisda pero maraming huli na. Nabebenta namin yung huli naming talakitok at iba pang mga isda mga PHP3.00 kada kilo. De-sagwan lang kami noon ha. Kasi dati nagkagiyera diba sa may Manila Bay. Iyong mga nalubog na mga barko naging mga bahura (coral reefs) at naging tirahan ng mga isda. Nangingisda kami sa mga bahura na iyon. Nahuhuli namin malaking talakitok, bangbangin, asugon (barakuda) at iba pa. Halimbawa, limang (5) kilo ang karaniwang laki at kadalasan 3-6 na piraso ang nakukuha namin sa halos kalahating araw lang.

Q7: Paano po ba ang sistema ng pangangisda ninyo noon?

A7: Hook-and-line gamit namin at de-sagwan kami. Aalis kami mga alas-kwatro ng umaga (4:00 a.m.) tapos darating kami sa lugar na pangisdaan ng mga alas-siyete ng umaga (7:00 a.m.). Mangangisda kami hanggang mga alas-dose (12:00 noon). Tapos marami na kami huli at uuwi na kami. Hindi uso ang “cooler” noon kasi matagal mabilasa ang isda hindi tulad ngayon na saglit lang ang oras, bilasa na kahit de-motor pa ang bangkang gamit.

Q8: Nasabi ninyo po na mangangisda po pa rin kayo hanggang ngayon. May kaibahan po ba ang pangangisda ninyo noon at ngayon?

A8: Malaki ang pagkakaiba.

Q9: Ano po ang kaibahan?

A9: Nangingisda na ako mula ng pagkabata. Nasubaybayan ko iyong unti-unti kaming lumalayo para lang makapangisda. Lumiliit din ang mga huli. Kung dati nakakakuha pa kami ng magagandang isda tulad ng Lapu-lapu, Bambang... at ang kadalasang huli noon ay pumapalo sa 15 hanggang 30 kilos. Sa panahon ngayon “jackpot” na iyong maka-average ka ng limang (5) kilo araw-araw. Kasi kahit limang (5) kilo mahirap na mahuli. Bihira na rin makahuli ng talakitok at bisugo na dati normal na nakukuha namin sa paraan ng pangangawil (hook-and-line). Ngayon kahit de-motor na, kailangang maghapon o buong magdamag na sa laot para lang makahuli ng sapat.

Gaya ng sabi ko kanina, apat (4) na oras sariwa pa ang isda. Ngayon, pag wala kang dalang “cooler” bilasa na ang mga isda dahil sa tindi ng init at marahil sa resistensya ng isda dahil nga mainit at nagbago na rin ang “environment” nila. Mga dalawang (2) oras bilasa na ang isda. Bagama’t makakain pa siya, medyo may amoy na o kaya kakamutin mo yung dila mo kasi makati na siya.

Dati, malapit lang kung kami ay mangisda... mga isa (1) hanggang pitong (3) kilometro lang ng de-sagwan. Ngayon dumadayo na kami sa ibang lugar at malayo na... mga tatlo hanggang anim (3-6) oras na biyahe de-motor. Doon kami nangangisda sa hindi mo na matatanaw

iyong bundok... mga tatlumpong kilometro (30 km) o higit pa at 2-3 araw kami sa laot dala ang bigas at kalan na di uling.

Isa pang kapansin-pansin ay maraming isdang nawawala na ngayon... ito iyong mga isdang hindi naka-adapt sa init at bagong timpla ng tubig. Mayroon din namang bagong isda na nakikita ngayon na wala noon... marahil ito iyong mga isdang naka-adapt sa kapaligiran niya at dumi ng tubig.

Q10: Bukod po rito, mayroon pa po ba kayong nakikitang kaibahan?

A10: Naiba rin pati ang cycle at klase ng huli. Dati mula Enero hanggang Mayo may hulian niyan... tunsoy, lapad, o tamban, ginagawang tuyo... season din ng mga pusit at alimasag. Iyong tuyo na matigas na, hindi na sa Manila Bay... sa Visayas o Palawan na galing mga iyon. Pagpasok kasi ng Hunyo hanggang Setyembre, baha-baha na diba. Malabo ang dagat... hindi makahuli. Iyong mga tahong, talaba, at ibang lamang-dagat namamatay dahil pag dinaanan ng tubig tabang... namamatay sila kasi hindi iyon ang tubig nila. At unti-unti din bumabalik ang alimasag, hipon, nabubuhay ang tahong talaba paglipas ng masamang tubig.

Ngayon, hindi na nasusundan ang cycle ng panahon. Pag tag-init dapat, nagiging tag-ulan... pag tag-ulan na dapat, nagiging tag-init. Matinding init pa. Dati, kaya mo sabihin na ang buwan ng Disyembre hanggang Mayo ay tag-init. Ngayon, hindi mo na alam. Iyon nga, may tag-araw sa tag-ulan at tag-ulan sa tag-araw.

Pati tradisyonal na kaalaman ng mangingisda nasisira na. Dati, palatandaan namin ang bituin at hangin. Ngayon, hindi mo na alam kasi nagbago na.

Q11: Ano po sa tingin ninyo ang nagdulot ng pagbabagong ito?

A11: Maliban siguro sa mga nagi-illegal fishing, “reclamation,” at iyong polusyon dahil sa pagtatapon ng mga dumi sa dagat ng malalaking industriya... noong 1970s kasi marami ang nagsitayuang industriya. Itinayo noong mga panahon na iyon yung Bataan Export Processing Zone, Bataan Refinery Corporation na pag-aari ng Petron... at iba pang industriya na nag-ooperate sa tabi ng dagat at naging tapunan nila iyong dagat at ginagamit nila rin pampalamig ng kanilang makina... Iyong matinding pagbabago ng klima ay naging “factor” sa problema ng pangisdaan.

Q12: Bakit ninyo po nasabi iyong matinding pagbabago ng klima?

A12: Ang mga bagyo dati, kung may mga malakas man, pana-panahon lang. Alam mo kung anong mga buwan. Nagtataka kami sobrang lakas na ng hangin. Ngayon may signal number 4 na. Dati bihira nga ang signal number 3. Iyong pagtaas ng alon nararanasan din namin. Hindi na balanse ang sitwasyon ng karagatan... iyong dating hindi tumataas ang tubig, ngayon doon tumataas... tapos iyong mataas na,

doon naman bumababaw. May mga lugar na tumaas ang tubig... sa Bayan ng Obando... ang dating 2nd floor nila ay naging 1st floor kasi umangat na ang tubig. Hindi namin maintindihan kung bumababa ang lupa o tumataas ang tubig...

Bukod dito, iyong pag-init ng dagat. Napansin din namin ang madalas na pagkamatay ng mga isda na wala namang pumapatay. Iyong pagbabago ng timpla ng tubig nagdulot ng pagkamatay ng mga isda o iyong tinatawag namin na laginglin (fish kill). Nangyayari yan sa buwan ng Mayo. Napagtanto namin na dahil na rin sa grabeng init nangyayari itong laginglin. Iyong ibang isda na nabubuhay dahil mabilis sila makalayo, pero iyong mga mabagal lumangoy at iyong mga alimasag na hindi makalayo agad, namamatay sila. Dahil dito, bumabaho ang tubig o dagat.

Kung maaalala ninyo pa noong 1990s nagkaroon ng “red tide”... bihira lang iyon dati. Ngayon, naging normal na. Halos taon-taon na siya.

Q13: Ano naman po, kung mayroon man, ang naging epekto nito sa inyong kabuhayan bilang mangingisda?

A13: Ang laking kabawasan sa kita. Nababaon kami sa utang dahil ang mga mangingisda nakakapit iyan sa mga konsignasyon. Doon namin binebenta iyong mga huli namin. Pag walang huli, nangungutang kami sa kanila. Dahil nga may utang kami, sila ang nagdidikta ng presyo ng mga huli namin kasi nga inutangan namin.

Bukod dito, dahil napakalaking binaba ng mga huli na isda at mahirap na ang pangingsda ngayon, ang mga anak ko ay lumaki na natakot sa pangingsda. Sinilang sila noong yugto na kawalan na ng isda... mahina na... wala nang sumalo sa hanap-buhay namin. Hindi lang sa akin nangyayari ito... pati sa ibang mangingisda rin na kasapi ng aming samahan. Dahil sa kahirapang dinudulot ng kawalan ng isda... ito ay nagdulot ng pagtanggap ng mga kabataan o mga anak ng mga mangingisda na mangisda at ipagpatuloy ang pangingsda.

Q14: Nabanggit ninyo po na kayo po ay Tagapangulo (Chairperson) ng Pagkakaisa ng mga Samahang Mangingisda (“PANGISDA-Pilipinas”). Gaano na po kayo katagal sa posisyong ito?

A14: Dalawang (2) taon palang po.

Q15: Gaano po karami ang inyong miyembro?

A15: Humigit-kumulang sampung libo (10,000).

Q16: Bilang Tagapangulo ng Pangisda Pilipinas, napag-uusapan ninyo po ba itong isyu sa pagbabago ng klima at epekto sa inyong mga kabuhayan bilang mangingisda?

A16: Oho.

Q17: Ano naman po ang mga napag-usapan ninyo?

A17: Maraming mga anak ng mangingisda ngayon ang hindi nakakapag-aral na o nahinto sa pag-aaral bunga ng kahirapan ngayon sa pangangisda hindi tulad noon. Napipilitang maghanap-buhay ang mga anak ng mangingisda imbes na mag-aral. Sumasama sila sa mga magulang nila para mangisda.

Iyong karamihan mga edad 13-16 sumasama sa maliliit na kapitalista (commercial fishing) na may-ari ng mga bangka. Nao-obliga sila sumama, lalaot sa umaga o kaya sa gabi. Hindi ka makapangisda kung ikaw lang, mahirap... kaya sasama ka sa mga kapitalista. Kasi kahit wala silang huli, may sandalan sila... dito sa mga kapitalista sila makaka-utang. Babayaran nila iyong utang nila kapag may huli ng mga isda... partehan ang nangyayari. Nabubungsod sila sumama sa ganitong sistema para mabuhay... makakain...

Mga mangingisda paparte... kapag walang nahuli, hihinto sila... uutang ng bigas para makakain. Iyong utang na iyon... kapag walang huli at partehan, mababaon ka talaga sa utang.

Pati mga kababaihan ngayon ay lumalahok na sa produksyon ng pangangisda para makaraos sa pang araw-araw. Ang mga babae ang nagtatahi ng mano-mano ng lambat... paghahayuma ng lambat kung tawagin.

Bulnerable ang buhay ng mga mangingisda. Pati tirahan namin nalalagay sa “danger zone” dahil sa pagbabago ng klima at kalamidad na hindi maipaliwanag. Ang mga bahay ng mangingisda, malapit sa dagat. Hindi mo kami pwede ilayo sa tubig kasi diyan ang kabuhayan namin. Hindi lang bahay pati ang bangka nasisira kasi sa tabi lang naman ng bahay nilalagay ang bangka. Dati kasi bibilang ang taon bago magkaroon ng malalakas na bagyo. Ngayon, ito na ang naging normal.

Q18: Ano naman po ang ginagawa ng inyong samahan para matugunan ang mga problemang ito?

A18: Sinisikap din naming tumulong sa pag-reforest ng mangroves. Wala naman kaming miyembro na gumagamit ng dinamita, trawl... kung mayroon man gumagamit ng fine fish net, ito ay tulak ng pangangailangan... tulad ng paghuhuli ng alamang... kasi kelangan maliit ang mata ang gamitin doon, kung hindi lulusot naman ang alamang at maliit na isda

Tingin namin kailangan talagang protektahan ang ekolohiya ng ating karagatan. Pero ang tingin namin hindi kami ang malaking kontributor sa usaping pagbabago ng klima o climate change. Ang mga malalaking industriya tulad ng coal power plants... kasi hindi lang dagat ang nilalason nila, pati hangin.

Ang nangyayari, biktima na nga kami ng pagbabago ng klima... papatayin pa nila kami sa kawalan ng hanap-buhay namin sa dagat.

Q19: Mayroon pa po ba kayong nais sabihin bukod sa inyong nasabi na?

A19: Kung maayos lang ang pangisdaan ngayon, hindi kami magiging problema ng gobyerno kasi kaya naming mabuhay sa pangingsda.

Ang amin lang, gusto naming malutas ang problema. Pagbayarin o panagutin ang may-sala. Itong malalaking industriya na nagbubuga ng karbon, dapat bawasan nila ang paggamit ng panggatong na langis at uling, pangunahan nila ang rehabilitasyon. Itong problema sa coral bleaching at ocean acidification... pag-init ng tubig... pagbabago ng panahon... pagkakait ito sa karapatan naming mga mangingsda mabuhay at karapatang manirahan sa tabing dagat.

Nakakatakot dumating iyong panahon na kakaunti na lang ang mangingsda dahil sa hirap ng kalagayan ng pangingsda ngayon.

Q20: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A20: Oho.

Pablo R. Rosales
09 Mayo 2018